

# Chapter One



*S*ige na, bilhin mo na, sa loob-loob ni Naomi habang pasimpleng inoobserbahan ang isang babae na dumampot sa kanyang libro sa loob ng *National Bookstore*. Isang romance writer ang twenty-seven year old na si Naomi Quimpo also known as Kyla Fernandez sa literary world. Sa tuwing madadaan sa mga bookstores ay naging habit na niya ang magmasid kung mayroon bang nag-che-check out ng kanyang mga libro.

Napalingon sa kanya ang babae nang mapansing pinagmamasdan niya ang pamimili nito ng libro. Kaagad siyang napabaling ng tingin sa nasa harapan niyang shelf. Kunot-noo niyang tinitigan ang isang aklat as if interesadung-interesado talaga siya roon. Dadamputin na sana niya ang libro nang eksaktong may humawak din niyon.

Napatingin siya sa nagmamay-ari ng kamay and her breath was almost taken away by the tall, chinito guy.

*Oh, my God, ang cute naman niya!* At mukhang itong matalino na lalo pa niyang ikina-impress. Weakness niya kasi ang mga lalaking naka-eyeglasses. Isa iyon sa nasa checklist niya for a potential boyfriend.

Ngumiti ang lalaki sa kanya at pakiramdam niya ay bibigay ang kanyang mga tuhod. *Oh my God, may dimples siya! Can he be any more perfect?!*

Sa pagtagal ng pagngiti nito sa kanya ay nakaramdam na si Naomi ng pagka-conscious that she had to look away. At sa pag-iwas niyang iyon ay napansin ni Naomi na papaalis na ang babae sa kanyang kaliwa nang hindi man lamang bumili ng kanyang libro!

Pumunta na siya sa section na kinalalagyan ng romance novels at nakita niyang mas marami ang kopya ng isinulat niyang libro kumpara sa mga iba pang titles na naroroon.

She began to panic. *What if hindi na na-appreciate ng mga readers ang mga sinusulat ko? What if wala na'ng bumili ng mga gawa ko?!*

Sa pagkataranta ay dumampot ang dalaga ng limang piraso ng sariling libro at dinala iyon sa cashier. *Para naman kahit paano may benta ako!*

Samantala, hindi niya alam na dinampot din ng lalaking nakangitian ang kanyang nobela. Binasa nito ang teaser at nagdesisyong bilhin iyon kasama ng apat pang mga paperbacks na hawak na nito.



“Wala na’ng mas pa-pathetic pa sa ’yo, Naomi!” malakas na sabi ng dalaga sa sarili habang pinagmamasdan sa ibabaw ng mesa sa sala ang mga librong kabibili lamang niya sa bookstore.

Sampung taon na ring writer ng mga romance

books si Naomi. She could be considered as a veteran already. But lately, her writing career had been hitting a slump lalo pa't karamihan sa mga latest stories na kanyang isinusulat ay nare-reject ng kanilang publication.

“O, na-release na pala ang latest book mo, ah!” bati ng roommate niyang si Suzy. Kaibigan na niya ito mula pa noong college niya sa *UST* kung saan sila kapwa nag-graduate ng Journalism.

“Oo nga,” sagot niya na tulala pa ring nakaharap sa mga libro.

Naupo ang babae sa kanyang tabi sa sofa. “Eh, bakit ang haba ng mukha mo d’yan?” puna nito. “Dapat nga maging masaya ka at nailabas na ang libro mo.”

“Nailabas na nga pero wala namang bumibili,” buntong-hininga ni Naomi.

“Kalalabas pa lang, eh. Give it some time baka hindi pa nakakabisita ng bookstores ang mga readers mo. Saka isang bookstore lang naman yata ang pinuntahan mo, eh. Malay mo sa ibang bookstores, sold out na pala ang libro mo.”

“Apat na bookstores na ang binisita ko at pareparehong marami pa ang mga libro ko kumpara sa ibang mga titles!”

“Okay, so apat ang binisita mo. Pero ilan ba ang bookstores sa buong Pilipinas? Hundreds! So you’ll never know; baka ubos na ang mga libro mo in other places!” Pilit pa rin siya nitong pinasisigla.

But it was not effective. “I don’t know but I’m really beginning to get scared. What if hindi pala ako cut-out para maging isang writer? Ano’ng gagawin ko kung hindi na ako makabenta? This is the only work that I know how to do!” Magbuhat nang mag-graduate sila ay hindi na nagtrabaho sa kahit saan ang dalaga. She went full time as a writer.

Inakbayan si Naomi ng kaibigan. “Relax ka lang, Sis, you’re born to be a writer. Hindi ba ’yan rin ang sinabi sa ’yo ng mga prof natin noon?” paalala nito. “Cheer up!”

Naantala ang pag-co-comfort ni Suzy nang biglang mag-ring ang cellphone nito. “Oh, Babe, ikaw pala,” bati nito sa boyfriend. “Yeah she’s here with me.” Tumayo ito at lumayo sa kanya.

As her roommate began to talk in whispers sa kusina ay may naramdamang kakaiba si Naomi. Hindi nito kadalasang ginagawa iyon noon. Wala itong pakialam na nakikipag-usap sa boyfriend habang kaharap siya. Pero ano ang nangyayari ngayon? *What is Suzy hiding from me?*

“Hi again!” ang awkward na sabi ng roommate niya nang bumalik ito sa kanyang tabi sa sofa. “It’s Ross,” dagdag pa nito na parang hindi mapakali sa puwesto.

“Suzy, what’s wrong?” tanong na ni Naomi. Sa limang taon nilang pagsasama sa ilalim ng isang bubong ay kilalang-kilala na niya ang ugali nito. She would definitely know when something is bothering

her.

Kinuha nito ang kanyang kamay. “Naomi, Ross asked me na sumama na sa kanya sa Singapore. We’ll gonna start our lives there...”

The news came as a shock to her. “Oh... pero hindi ba six months pa lang kayong magkakilala? Don’t you think it’s too soon for you guys to be settling down?”

“Yeah, I know, but we’re in love and I could feel it in my heart that he’s the one for me. So ano pa ba’ng rason para patagalin namin ang lahat?”

Na-guilty si Naomi. Dahil kahit gaano pa niya gustuhing maging masaya para sa kaibigan, hindi niya iyon lubusang maramdaman. She could not help getting envious of her because there was no man in her life whom she could refer to as the one for her. “Kung sabagay... so kelan n’yo ba balak magpakasal?”

“Hindi pa namin napag-uusapan ang kasal. For now, we’ll just live together,” sagot nito.

“So ibig sabihin, magli-live in kayo?” nanlaki ang mga matang tanong niya. “Alam na ba ito ng parents mo?”

“Oo, alam na nila. Hindi naman sila kumontra. After all, mas matindi pa nga silang dalawa, eh. They had me while they were still teenagers, they lived together but separated after five years. Ngayon, pareho naman silang hindi kasal sa mga partners nila,” paglalahad ni Suzy.

Mukhang wala na nga talaga siyang magagawa upang pigilan ang kaibigan. Go na go na ito sa pagsama sa boyfriend. “So kelan n’yo naman balak umalis ni Ross for Singapore?” tanong ni Naomi habang pinaplano na sa isipan ang paghahanap ng bagong roommate.

“Actually, this Sunday...”

“What?! This Sunday na? Bakit ang bilis naman ‘ata?”

“Bigla kasing nagbago ang isip ni Ross. Una, sabi niya, mauuna muna siya at kapag nakapag-settle down na siya ay saka niya ako kukunin. Pero kagabi nag-iba na ang decision niya. Gusto raw niyang isama na ako at sabay na kaming mag-settle down roon.”

“Pero... pero paano ang trabaho mo rito? Nasabi mo na ba sa company ninyo na aalis ka na?”

“Kanina nasabi ko na. Noong una, nabigla ang boss ko pero wala naman raw siyang magagawa dahil buhay at kinabukasan ko raw ito,” sagot ni Suzy na nagtatrabaho sa isang advertising company bilang copy writer.

“Paano na ‘yan, hindi pa ako nakakahanap ng roommate. I couldn’t possibly afford the rent here, lalo pa ngayon na kailangan ko ring suportahan ang pamilya ko. Nalulugi na ang business ni Papa and I need to help them,” pag-aalala ni Naomi. Panganay kasi sa tatlong magkakapatid ang dalaga. Ang sumunod pa lamang sa kanya na si Kay ang may

trabaho, samantalang ang bunso nila ay first year college pa lamang. Masagana dati ang buhay ng pamilya Quimpo hanggang sa magsimulang malugi ang construction business ng padre de pamilya. Ngayon, ang kinikita niyang dati-rati ay para sa sarili lamang ay kailangan na ngayong ibahagi sa naghihirap na pamilya.

“Why don’t you try moving back to your house? Malaki rin ang matitipid mo. Hindi mo na kailangang magbayad ng renta at bills,” suggestion nito.

“Magulo at maiingay ang mga tao sa bahay namin. Alam mo namang hindi ako nakakapagsulat kapag ganoon ang paligid ko. I need silence,” paliwanag niya.

“Eh di, lumipat ka na lang sa mas maliit at murang apartment para hindi mo na kailanganin pa ng roommate na makaka-share mo,” mungkahi nitong muli.

“I’ve been living and writing in this house for five years, mahihirapan na akong mag-adjust sa bagong environment.”

Napabuntong-hininga si Suzy. Alam nitong may pagkamaselan talaga siya sa maraming bagay. Napakapihikan ni Naomi kaya hindi na ito nagtataka na hanggang ngayon ay hindi pa rin siya nagkaka-boyfriend.

“Okay huwag kang mag-alala, bukas na bukas rin maghahanap ako ng roommate mo,” pangako ni

Suzy.

Sa totoo lang, may pag-aalangan si Naomi sa pagkakaroon ng bagong roommate. Panibagong adjustment na naman kasi iyon. Saka baka mamaya ay hindi pa sila magkasundo. Pero alam niyang wala siyang magagawa, as much as she wanted to live alone, she could not afford it anymore.



Magbuhat nang ma-reject ang kanyang mga recent stories, ginawa ni Naomi ang lahat upang ma-improve ang kanyang writing skills. Nagbasa siya ng maraming libro lalo na iyong may kinalaman sa pag-i-improve ng kanyang pagsusulat. At nag-attend rin siya ng mga workshops and seminars on how to become a better writer.

And one event was held in a new bookstore at *The Fort* kung saan present ang mga kilalang writers, editors, publishers na nagbigay ng talk sa mga tao na karamihan ay mga manunulat.

Magdadalawang oras na ring nakikinig si Naomi ngunit wala siyang nararamdaman ni katiting na boredom. In fact, sobra siyang nai-inspire sa mga naririnig that she could not wait to go home and start writing.

“And now presenting our next speaker... He took up AB English Literature from the *Ateneo de Manila University* where he graduated *summa cum laude*. He recently finished his Masteral Studies at the *New York University* and currently, he’s working as a book



critic for *Literatura Magazine* and *Daily Bulletin*. Let's now welcome, Mr. Robbie Alejandrino!"

Habang sinasalubong ng palakpakan ang distinguished speaker ay napatulala naman si Naomi. Nasa second row ang upuan niya kaya kitang-kita niya ang mukha ng lalaki.

*I know him! pagkilala niya. He's the guy from the bookstore!*

At napatunayan ni Naomi na tama nga ang una niyang pagkakakilala rito. Aside of course from the highly impressive credentials, napatunayan niyang very articulate din ito at puno ng substance ang bawat lumalabas sa bibig. Kulang na lamang ay mag-swoon ang dalaga sa kanyang upuan.

*I think I found the guy for me...*

Mas lalo pa siyang kinilig nang ilabas ng lalaki ang kanyang libro. *Oh my God, he's got my book! He's got my book!*

"Do you know this book?" tanong ni Robbie sa audience.

"Yes, I love that book! It's by Kyla Fernandez!" sagot ng isa sa mga babae sa front row.

*Wow, I didn't know that I have a fan here,* natutuwang isip ni Naomi na unti-unti nang binabalikan ng kumpyansa sa kanyang estado bilang isang manunulat.

"Really? You love this book?" balik naman ni Robbie na para bang nandidiri sa kanyang libro. Humarap itong muli sa audience habang

ibinabalandra ang kopya. “Ladies and gentlemen, this book is the perfect example on how *not* to become a writer,” anunsyo nito.

*Oh, my God, is he really saying this?!* di-makapaniwalang isip ni Naomi. Noong una nga akala niya ay dinadaya lamang siya ng kanyang tainga. Pero napatunayan niyang totoo ang sinabing iyon ni Robbie, lalo pa nang marinig niya ang mga susunod na statements nito.

“I’ve read this 160-page book and I can say that it was a time wasted. This story is full of crap! Niloloko lang ng writer na ito ang mga readers especially the ladies, dahil ipine-present niya sa atin ang kalokohang fairy tale love na alam naman nating lahat na hindi nag-e-exist. I know she’s a romance writer. But *real* talented romance writers can create stories about realistic love and still keep the essence of romance in it. Siguro kulang pa lang sa experiences itong si Kyla. Maybe she never had a boyfriend since birth. Maybe she never had her first kiss yet. She never had a taste of passionate lovemaking that reaches into the deepest parts of the soul. She had never felt how it is to go crazy with jealousy, to cry in misery and to feel like dying after a breakup. Until Kyla experiences all of these, she has no right to be called a writer...”

Kulang na lamang ay umusok ang ilong ni Naomi sa kinauupuan. Ang kaninang dream guy niya ay isa palang malaking bangungot!

*Ang kapal ng mukha niya. Hindi porque summa cum laude siya ay puwede na niyang apak-apakan ang mga writers na katulad ko!*

Gustung-gusto na niyang mag-walkout sa bookstore dahil hindi na niya kinakaya ang mga naririnig mula sa lalaki. Subalit mahahalatang siya si Kyla Fernandez at mapapahiya lamang siya kaya nagtiis na lang ang dalaga at nanatili sa puwesto.

*I really can't believe na nagkagusto ako sa isang arrogant, conceited, bastard na katulad niya!*



“Kawawa naman ang Kyla Fernandez na ’yon. Kung ako siguro ang nasa kalagayan niya, baka hindi na ulit ako nakapagsulat matapos kong marinig ang mga pinagsasabi mo,” napapailing na sabi ni Miko, college friend ni Robbie at kasamahan rin niya sa *Literatura Magazine*.

Matapos ang speaking engagement ni Robbie sa bookstore ay nagtungo ang magkaibigan sa isa sa mga sikat na bars sa area.

“Bakit? I was just laying down my opinion on what she wrote. And besides, I’m doing her a favor, makakatulong iyon sa kanya para paghusayan pa niya ang pagsusulat,” saad ng dalawampu’t siyam na taong gulang na binata.

“Okay, enough about Kyla Fernandez. Let’s talk about you. Kumusta naman ang buhay sa Amerika? Grabe, apat na taon ka ring hindi nagpakita sa aming lahat, ah!”

“Okay naman, it was good. I had a great time at *NYU*, I met a lot people,” matipid niyang pagbabahagi matapos uminom ng beer.

“Eh, wala ka bang naiwang girlfriend roon?” pang-iintriga nito.

“I’ve never been in a relationship while I was there,” sagot niya.

“Ano? Apat na taon kang naroroon, wala kang naging karelasyon?! Parang hindi naman yata ako maniwala!”

“Alam mo, if there’s one thing I’ve learned while living in New York, it’s how great it is to be single. Doon ko naranasan kung paano maging tunay na malaya. I was not limited by any stupid relationship. I was free to explore everything in my life.”

“And by *exploring*, you mean kung sinu-sinong babae ang sinasamahan mo?”

“Well, yeah, and it was liberating. Kaya nga nanghihinayang ako sa ’yo dahil hindi mo pa man na-e-experience ang real life ay *nagpasakal* ka na, este *nagpakasal* pala!”

“Hindi ko na kailangan pang ma-experience ang real life na ’yan, spending my life with my one and only love Michelle is enough for me. It’s real life for me,” pahayag ni Miko na mababakas sa mukha ang pagiging kontento sa buhay.

Dalawang taon na rin itong kasal, and it looked like he’s enjoying every minute of it.

“Bahala ka na nga d’yan sa pagiging corny mo.

Basta ako, magsisimula na sa aking exploration dito sa Pilipinas. Excuse me,” sabi ni Robbie na tumayo na mula sa kinauupuang stool at pinuntahan ang babaeng nasa kabilang side ng bar na kanina pa niya napapansing nag-che-checkout sa kanya.

Napailing na lamang si Miko habang pinanonood ang pakikipag-flirt ng kaibigan.



## Chapter Two



**K**agabi pa nagpupumilit si Naomi na magsulat ng bago niyang istorya ngunit hindi niya magawa dahil parating bumabalik sa kanya ang mga salita ng hambog na critic na si Robbie Alejandrino.

*“Siguro kulang pa lang sa experiences itong si Kyla. Maybe she never had a boyfriend since birth. Maybe she never had her first kiss yet. She never had a taste of passionate lovemaking that reaches into the deepest parts of the soul. She had never felt how it is to go crazy with jealousy, to cry in misery and to feel like dying after a breakup. Until Kyla experiences all of these, she has no right to be called a writer...”*

“Eh, ano naman kung hindi pa ako nai-in love? Ang tunay na writer ay hindi naman kailangang ma-experience ang mga pinagsasasabi niya. Mas magaling nga ang writer kapag nakasulat siya ng mga istoryang hindi pa niya naranasan. Ibig sabihin, magaling talaga ang imagination niya!” aniya na para bang si Robbie Alejandrino mismo ang kausap at hindi ang sarili.

“Naomi, I have a surprise for you!” bungad ni Suzy nang buksan nito ang pinto. “I found you a new roommate na!”

Nanlaki ang mga mata ni Naomi pagkakita sa

kasama nito.

*Oh, no! Binabangungot na ba ako?!*

“He is Robbie Alejandrino. He is a friend of a friend of Ross. He just came back from the States,” pagpapakilala ni Suzy.

“Hi, it’s nice to meet you.” Inilahad nito ang kamay.

Ilang sandali ring nag-isip si Naomi kung tatanggapin ba ang pakikipagkamay ng lalaki. Nang gawin nga niya, ramdam pa rin niya ang pagkulo ng dugo pero saglit iyong huminto nang makita niyang lumabas ang ngiti nitong minsan nang nakapagpahina sa kanyang mga tuhod sa bookstore.

*Huwag kang magpadala, Naomi, ngiti ng demonyo ’yan!*

“You know what, you look familiar. Have we met somewhere?” tanong ni Robbie habang pilit inaalala kung saan ba siya nakita.

Napataas ang kilay ni Suzy. “Really, she’s familiar to you? Actually, she’s a writer, so baka nagkita na kayo sa kung saang book seminar or convention na trip na trip niyang pinupuntahan.”

Magsasalita na sanang muli si Robbie nang sumingit si Naomi at hinila ang kaibigan sa kusina.

“That guy can’t possibly be my roommate!” tiim-bagang niyang bulong dito.

“Why? Because he’s a guy? ’Yung friend na ng friend ni Ross ang nagsabi na mabait daw ’yan kaya wala kang dapat ipag-alala d’yan,” pag-a-assure ni

Suzy. “And girl, he’s so cute! Hindi ba ganyan ’yung mga tipo mo, ’yung mga mukhang intelehente? Pagkakataon mo na ito para magkaroon ng lovelife!” excited pang dagdag nito.

“No way! Not that guy! I know him!”

“You know him?! How did you know him?” naintrigang tanong nito.

“Siya ’yung mayabang na speaker kahapon sa seminar na nilait-lait ang libro ko at ang pagsusulat ko. According lang naman to him, I have no right to be called a writer!”

“Oh, I’m so sorry, Sis. I didn’t know that he’s that kind of a person. Kung titingnan mo kasi, he looks like a gentle and warm guy.” Halatang nanghihinayang si Suzy; buong akala nito ay nakahanap na ito ng potential boyfriend para sa kaibigan.

“Naku, huwag kang magpalinlang sa hitsura ng lalaking ’yan. Kapag nagsalita na ang hambog na ’yan, poison ang lumalabas sa bibig! Kaya imposibleng maging roommate ko talaga ’yan!”

“Pero, Sis, bukas na ang alis ko. As much as I would like to look for a new roommate for you, wala na akong time. Kaya please, pagtiyagaan mo na lang siya, ha?”

Magpoprotesta pa sana siya nang hilahin na siya nito pabalik sa sala. Pakiramdam ni Naomi, mas gusto pa niyang mag-suicide kaysa maging roommate ang lalaki.



“I remember now. You were the girl from the bookstore!” pag-alala ni Robbie habang nakaupo sa couch kaharap ang limang kopya ng libro niya sa ibabaw ng lamesa. Dinampot nito ang isa. “Ikaw ’yung bumili ng limang kopya ng libro nitong si Kyla Fernandez, di ba? You must love her so much to buy these many!”

“Yeah, I love her so much. I think she’s a very good writer,” pagtatanggol niya sa sarili.

Pinili niyang hindi i-reveal na siya ang writer sa likod ng pen name dahil wala rin siyang lakas ng loob, lalo pa matapos marinig ang mga komento nito laban sa kanya.

Ang buong akala ni Naomi, titirahin na naman ni Robbie ang mga sinulat niya pero ngumiti lamang ito.

*Kunwari pa, ngingiti-ngiti siya. Alam ko naman sa isip niya, nilalait-lait na naman niya ako!*

“So, Robbie, would you like to see the house now?” tanong ni Suzy.

“Sure,” sagot ng binata.

Habang inililibot ni Suzy sa apartment ang magiging roommate niya ay nakasunod siya sa likuran ng mga ito. Nananalangin siyang sana ay hindi nito magustuhan ang kanilang lugar at makahanap na lang siya ng ibang roommate. But to her disappointment, nagustuhan ni Robbie ang bahay at itinanong kung kelan ba puwedeng lumipat.

“I’ll be leaving for Singapore tomorrow, so I guess puwede ka na ring lumipat bukas. Hindi ba, Naomi?”

*Nakakainis! Lord naman, sa dinami-rami ng tao sa mundo, bakit ang lalaking ito pa ang kailangang maging roommate ko?!*

“Naomi, okay lang naman na lumipat na si Robbie bukas, di ba?” ulit ni Suzy na pasimple siyang pinandidilatan matapos hindi makarinig ng sagot sa kanya.

“Okay,” matabang niyang tugon. *Kung hindi lang talaga ako gipit, hindi ko tatanggapin ang lalaking ’to, eh!*



“Ano? You’ll be living with a girl?!” gulat na gulat na balik ni Miko nang magkausap sila sa telepono ng kaibigan noong gabing iyon. Naikuwento na ni Robbie ang tungkol sa paglipat sa apartment.

“Oo, ano nama’ng masama d’on? Sa States nga, babae ang mga nagiging roommates ko,” sabi pa niya.

“Tapos ’yung mga nagiging *roommates* mo, eventually nagiging *bedmates* mo na rin!”

“Well, we were consenting adults, there was no problem about it,” napakibit-balikat niyang sagot matapos umupo sa kama.

“Bakit kasi naisipan mo pang bumukod? Eh, ang laki-laki naman ng bahay ninyo!”

“Alam mo namang hindi ko trip dito sa bahay

namin. Wala namang ginawa ang mga magulang ko kundi punahin ako at ang pagpapatakbo ko sa buhay ko. Nakukulili lang ang tenga ko!” reklamo niya habang sumasandal na sa headboard at naghahanda sa kanyang pagbabasa ng bagong librong kailangang i-critic para sa next edition ng *Literatura Magazine*.

“Pagpasensyahan mo na ’yang mga magulang mo. Nag-iisang anak ka kasi kaya natural lang na sa ’yo mabuhos ang buong atensyon nila,” pagpapaintindi ng kaibigan.

“Mabuti pa, bumalik na lang silang pareho sa pagtuturo nang sa ganoon, mga estudyante na lang nila ang pinagtitripan nila at hindi ako!”

Parehong propesor dati sa *Ateneo* ang mga magulang ni Robbie; ang kanyang ama ay nagtuturo ng Philosophy habang ang ina ay Psychology. Retired na ang mga ito ngayon. Pamilya talaga sila ng mga intellectuals kaya highly critical sa lahat ng bagay. Most of their conversations would turn out to be like debates; each one refusing to back down and will defend their beliefs and principles to the end.

“Kumusta naman ang magiging roommate mo? Maganda ba?” usisa ni Miko.

“Yeah, she’s pretty. Kaso kulang sa ayos. Mukhang napabayaang na ’yung sarili,” may panghihinayang na turan niya. “Actually, nakita ko na siya a few days ago sa bookstore at bumili siya ng limang libro ni Kyla Fernandez!”

“Oh, may common denominator pala kayo; siya

big fan ng Kyla Fernandez, ikaw naman biggest critic n'un!" tawa ng kaibigan. "Mukhang magkakasundo kayo ng babaeng 'yan, ah!" may pagkasarkastikong dagdag pa nito.

"Hindi bale, mapapaamo ko rin ang babaeng 'to." Naroon ang kumpyansa sa tono ni Robbie.



"Sandali lang," sabi ni Naomi sa kumakatok.

Suminga muna siya sa tissue at pinunasan ang luha. Wala pang isang oras magbuhat nang umalis si Suzy. Pinili niyang hindi na ito ihatid sa airport dahil mas lalo lamang siyang mahihirapan.

Limang taon din kasi silang nagkasama sa iisang bahay kaya hindi madali para sa kanya na mapahiwalay rito.

"Hi," nakangiting bati sa kanya ni Robbie nang pagbuksan niya ito ng pinto.

"Ikaw pala," matabang niyang balik saka ito pinatuloy.

"Are you crying?" tanong nito nang mapuna ang mga kumpol ng tissue sa ibabaw ng lamesa sa sala katabi ng laptop nito.

"Obvious ba?" sarkastiko niyang sagot habang pabalik sa sala.

Ibinaba ni Robbie ang mga maleta sa sahig. "Bakit ba pakiramdam ko, ayaw mo sa akin? Ano ba'ng ginawa kong masama sa 'yo?" tanong na nito.

*May pakiramdam rin pala ang lalaking 'to. Akala ko manhid siya!* sa loob-loob ni Naomi habang

umuupo sa sofa.

“Did I say anything bad to you?” patuloy pa ni Robbie.

“Yes, you did! Nilait-lait mo lang naman ang libro ko!” hindi na napigilang sikmat niya.

Naupo sa silyang katabi ng sofa si Robbie kaya magkakarap na sila. “You mean you’re a writer?!” tanong nito saka may biglang naalala. “You are Kyla Fernandez?!”

“Ako nga,” taas-kilay niyang kumpirma. “Ako’yung nilait-lait mo the other day sa bookstore sa *The Fort*.”

“Nandoon ka? Hindi ko napansin,” nabiglang sabi ng lalaki.

“Paano mo mapapansin, eh, sobrang busy ka sa panlalait sa akin at sa libro ko!” angil ni Naomi.

“I’m sorry. Trabaho ko kasi’yon, ang mag-critic ng mga libro,” paliwanag nito.

Ang buong akala niya ay magdedere-derecho na ito sa paghingi ng tawad, pero hindi pala.

“Saka nagsasabi lang rin naman ako ng totoo, your story lacks substance. It’s so superficial. It’s the work of someone with no real experience in relationships and love!”

“Huwag kang mag-alala, iibig rin ako! And I will write a book that is so full of substance, it will blow you away!” Pagkasabi niyon ay nag-walk-out ang dalaga, pumasok sa silid at padabog na isinara ang pinto.



“O, Naomi, ikaw pala! Long time, no hear! Kumusta ka na?”

Tinawagan niya ang pinakamalapit na pinsang si Diana na may ilang buwan na rin niyang hindi nakakausap.

“Di, may girlfriend na ba ’yung guy na gusto mong ireto sa akin noon? Albert ba ’yon?”

“Ah, si Albert? May girlfriend na ’yon. Last month lang naging sila,” sagot ng nasa kabilang linya.

“Eh, ’yung si Kervin? Available pa ba?”

“May asawa na ’yon. Six months na ngang buntis ’yung misis,” sagot nito. “Teka nga muna, bakit ba bigla mong naaalala ang mga lalaking nirereto ko sa ’yo noon?”

“Di, I need to have a boyfriend! I need to experience love and being in a relationship!” puno ng frustration niyang saad.

“At bakit bigla mo namang naisip na magka-boyfriend ngayon? Dati-rati kung sinu-sino ang nirereto ko sa ’yo, ayaw mo naman!”

“Dahil may buwiset na book critic ang nagsabing wala raw akong karapatang maging isang romance writer dahil wala raw akong experience sa love and relationships!”

“Oh... that’s harsh! Sino ba ’yang book critic na ’yan? Akala mo kung sino siya kung magsalita!”

“His name is Robbie Alejandrino, and

unfortunately, he's my roommate now."

Napasimangot siya.

"What?! How did that happen?"

Ikinuwento niya kung paano ito nahanap ni Suzy. "Kaya kahit kinasusuklaman ko siya, wala akong magawa at hindi ko rin naman afford na mag-isang rentahan itong apartment."

"Ang hirap naman pala ng sitwasyon mo."

"Oo. Kaya nga kailangan kong ma-in love!

Baka sakaling makatulong nga iyon sa pagsusulat ko. Maybe it can give me inspiration. Lately kasi, napapadalas ang rejection ng mga stories ko..."

"Huwag kang mag-alala, mahahanap mo na rin si Mr. Right soon. I'll pray for that," pangako ng kanyang pinsan.

"Hay, sana nga, Di. Sana ipakilala na sa akin ni Lord si Mr. Right..."



Hindi maiwasan ni Robbie na matawa habang binabasa ang unang chapter ng istoryang sinusulat ni Naomi. Naiwan kasi nitong nakabukas ang laptop sa sala at na-curious naman ang binata.

"Hoy! Bakit mo binabasa 'yan?!" sigaw ni Naomi na biglang lumabas mula sa silid nito at nahuli siyang komportableng nakaupo sa sofa habang binabasa't pinagtatawanan ang gawa nito.

Kaagad itong napatakbo at dinampot ang laptop na nakapatong sa kanyang hita.

"Kelan ka ba gagawa ng hero na matatagpuan

sa real life? Ang mga idealistic romance writers na katulad mo ang dahilan kung bakit maraming nagiging matandang dalaga, eh. You create this perfect men na inaakala ng mga readers mo ay matatagpuan nila sa tunay na buhay. They've come to develop these impossibly high standards for men na hindi talaga nila mahahanap kahit libutin pa nila ang buong mundo!"

"Of course not! This perfect man exists in real life. Hindi mo lang alam 'yon dahil kahit ano pa ang gawin mo, hinding-hindi ka magiging ganoon!" angil ng babae saka tumalikod at tinungo ang direksyon ng silid.

"Talaga! Dahil kahit kelan hindi ko pinangarap na maging ganyang klaseng lalaki! Kontentung-kontento na ako sa sarili ko 'no!" depensa niya ngunit hindi na sumagot ang dalaga at muli na naman siyang pinagbagsakan ng pinto.

*Akala mo kung sinong perpektong babae. Naghahanap ng perfect guy, eh, siya nga mismo may topak!*





## Chapter Three



**M**uli ay nakaramdam ng kalungkutan si Naomi nang ma-miss na naman niya ang lumisang roommate. Dati kasi ay madalas magkasama sila ni Suzy na namimili ng kanilang supplies sa convenience store, pero noong umagang iyon ay nag-iisa na lamang siya.

Wala sa sariling namimili siya ng mga kakainin para sa breakfast nang may makatapat siyang isang lalaking namimili naman sa opposite side ng aisle. Napatulala siya sa kaguwapuhan nito.

*Oh, my God, he looks exactly like the heroes in my stories.* He is tall, mestizo, with chiseled features and a god-like body.

“Hi,” bati ng lalaki nang mapansin siyang nakatitig. Natauhan namang bigla si Naomi nang ma-realize na siya ang binabati nito.

“Hi,” sagot niya habang ang pakiramdam ay nasusunog ang sariling pisngi. She had to move away quickly dahil ayaw niyang makita pa nito ang kanyang pamumula. Kunwari ay nagpakaabala na lamang siya sa paghahanap ng mga bibilhin pero palihim niya itong pinagmamasdan sa gilid ng kanyang mga mata.

He looked like a health buff. Mukhang

kagagaling lang sa pagjo-jogging, base sa suot nitong *Nike* tracksuit.

Nang makita niyang nagbayad ang lalaki at lumabas na ng convenience store, kahit hindi pa tapos sa pamimili ng mga kailangan ay binayaran na niya ang mga hawak upang makalabas na rin at masabayan ang estranghero.

*Grabe, ang bilis naman niyang maglakad, reklamo ni Naomi nang makitang malayu-layo na ang lalaki sa kanya. Kailangang maabutan ko siya, I need to know where he lives!* Sa kamamadali niyang makatawid ay hindi niya napansin ang mabilis na kotseng paparating.

Halos magmarka sa kalsada ang mga gulong ng *Lancer* at umiyak ang preno nito nang biglang mapahinto. Napukaw ang atensyon ng lahat pati na rin ng lalaking sinusundan ni Naomi na napatakbo pabalik nang makitang nakabulagta siya at walang malay sa gitna ng kalsada.

“Miss, Miss, are you okay?” pangigising nito kay Naomi.

Groggy pa noong simula ang dalaga na wala namang major injury na natamo. She was just shaken from the impact.

“I’m okay,” sagot niya habang unti-unting nawawala ang pagkahilo.

“Ikaw naman kasi, Miss, bakit bigla kang tumatawid nang hindi mo tinitingnan ang mga

sasakyang parating?” paninisi ng lalaking muntik nang makabangga sa kanya.

“Hanep ka rin ’no, ikaw pa ang naninisi d’yan. For your information, forty kph po ang speed limit sa area na ’to. You must have gone beyond that kaya hindi mo na nakontrol ang takbo mo,” ganti naman ng lalaki na umaalalay kay Naomi.

Nagpatuloy ang pag-aargumento ng dalawa. And she found herself falling all the more for her ‘hero’ as he strongly defended her against the man. Natigil ang pagdidiskusyon nang magbanggit na ang estranghero ng mga tungkol sa batas at maaaring ikaso sa lalaking muntik makabangga sa kanya. Hanggang sa tuluyan na ring bumalik ito sa kotse at umalis.

“Kaya mo na bang maglakad?” tanong nito na biglang huminahon ang tono nang bumaling sa kanya.

“Yeah, kaya ko na,” panigurado ni Naomi.

Gayunpaman, nakakapit pa rin ito sa kanyang magkabilang braso bilang pag-alalay. Kinagat na lamang ng dalaga ang kanyang labi upang pigilan ang pagkawala ng kilig. He was really turning out to be like the heroes in her books! Caring, gentleman, but could be really strong when he needed to defend a woman. A real knight in shining armor!

“Are you a lawyer?” untag na ni Naomi nang maalala kung paano ito nagbitiw ng kung anu-anong batas kanina habang nakikipagtalo sa mamang

muntik makabangga sa kanya.

“Yes, I am,” sagot nito na sinundan ng nakakatunaw nitong ngiti.

*Oh, my! What a sexy smile!* kinikilig na isip ni Naomi. Kung hindi nga lamang ito nakaalalay sa kanya, malamang nabuwal na ang kanyang mga tuhod. And he’s a lawyer, siguradong intelehente ang lalaking ito. *I think I’m really falling in love with him!*

“Where do you live?” tanong nito.

Itinuro niya ang apartment complex na natatanaw na niya.

“D’yan ka nakatira? D’yan rin ako nakatira, eh,” sabi ng lalaki.

Nanlaki ang mga mata ni Naomi. “Really?! Saan ka?”

“Sa 110,” sagot nito.

“Katapat lang pala kita eh, sa 103 ako!” Bigla siyang na-excite. “Pero bakit ngayon lang yata kita nakita rito?”

“I just moved in two days ago kaya medyo nag-adjust pa ako. Actually, ikaw ang unang neighbor na nakilala ko.”

*Lord, ito na ba ang sagot sa mga dasal ko? Siya na ba ang aking Mr. Right?*

“Are you really sure you’re okay?” tanong muli ng lalaki na mababakas sa tinig ang concern. Nakarating na sila sa apartment complex at hinahatid na siya nito sa kanyang pinto.

Labis namang naa-appreciate iyon ni Naomi. “I am,” panigurado niya.

Samantala, nagtungo naman na ang lalaki sa sariling unit. Papasok na sana sila parehas nang may biglang maalala si Naomi. “Wait, I didn’t get your name,” paglingon niya rito.

“It’s Vince. Vince de Leon,” pagpapakilala nito.

“Naomi Quimpo,” aniya. “Thanks again, Vince... I mean, Atty. Vince, for helping me out a while ago.”

“Don’t mention it,” balik ng lalaki. “And by the way, just call me Vince.”

“Okay. ’Bye, Vince... see you around!”

“You, too!”

Kapwa pumasok na ang dalawa sa loob ng kani-kanilang mga apartment. Sa totoo lang ay ayaw pa ni Naomi na maghiwalay sila. Dapat yata inaya niya itong mag-almusal. Puwede niyang sabihing pasasalamat niya iyon kay Vince sa pagtulong nito sa kanya. “But oh well, we’re neighbors. We have lots of opportunities to be with each other!”

“Sino ba ang kinakausap mo d’yan?”

Natigilan si Naomi bigla nang lumitaw si Robbie mula sa kusina. *Naku, gising na pala ang damuho!* anang napasimangot niyang isip.

“Sarili ko, bakit?” taas-kilay niyang sagot habang inilalapag sa dining table ang plastic bag na naglalaman ng mga supplies na binili.

“Sino naman ’yang neighbor na kinakikiligan mo?” tanong pa nito habang umuupo sa kanyang

harapan sa dining table.

Bumalik ang malawak na ngiti sa mukha ng dalaga. “My knight in shining armor...” Parang lumulutang na naman sa ere ang kanyang pakiramdam.

“Really? Sigurado ka bang gising ka na nang lumabas ka ng bahay?” pang-aasar ni Robbie habang binubuksan ang dyaryo.

“Of course gising na gising na po ako ’no! And this guy is all real. He even saved me nang muntik na akong mabundol kanina,” pagpapatunay niya.

“Muntik ka nang mabundol?”

Hindi alam ni Naomi kung look of concern ba ang nakita niya sa mukha ng roommate, pero napansin niyang may maliit na pagbabago mula sa mapang-asar nitong hitsura kanina. “Oo, muntik na akong mabangga ng kotse kanina habang patawid ako,” kumpirma niya.

“Are you okay? Gusto mo bang dalhin kita sa ospital?”

“No need, okay na ako,” sagot ni Naomi.

Nahihiwagaan talaga siya sa lalaki; one moment pambuwisit ito pagkatapos, bigla na lamang magta-transform into a caring and concern man.

“Paano ka namang muntikang mabangga? Tatanga-tanga ka sigurong tumawid!” hirit nito saka naglagay ng sigarilyo sa pagitan ng labi.

“It wasn’t my fault. ’Yung kotse ang mabilis ang dating kaya hindi ko napansin!” pagtatanggol

niya sa sarili. Akala pa naman ng dalaga ay may kabutihang-loob na rin ito pero hindi talaga nito mapipigilang buksan ang poisonous mouth.

Magsisindi na sana ng sigarilyo si Robbie nang biglang tanggalin iyon ni Naomi sa bibig nito. “Bawal magsigarilyo sa loob ng bahay. Kung gusto mo, doon ka sa labas,” sabi niya.

“Hindi ko alam na reincarnation pala ni Hitler ang roommate ko,” pang-aasar ng binata na dinampot ang fliptop box ng *Marlboro*, gayundin ang tasa ng kape at dyaryo saka tumayo mula sa dining at tinungo ang direksyon ng pintuan.

“Ikaw naman sugo ni Lucifer!” tiim-bagang niyang ganti habang papalabas ito ng pinto.

*Nakakainis! Panira talaga ng araw!*

